



Nakaugat kay Kristo

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 9:26-31)

Pablo

²⁶NOONG MGA araw na iyon: Pagdating ni Saulo sa Jerusalem, sinikap niyang mapabilang sa mga alagad doon. Ngunit ang mga ito ay takot sa kanya, at hindi makapaniwalang isa na siyang alagad. ²⁷Subalit isinama siya ni Bernabe sa mga apostol. Isinalaysay niya sa kanila kung paano nagpakita ang Panginoon kay Saulo at nakipag-usap dito nang ito'y nasa daan. Sinabi rin niyang si Saulo'y buong tapang na nangaral sa Damasco, sa pangalan ni Hesus. ²⁸At mula noon, si Saulo'y kasama-sama nila sa Jerusalem, at buong tapang na nangangaral doon sa pangalan ng Panginoon. ²⁹Nakipag-usap din siya at nakipagtalo sa mga Helenista, kaya't tinangka nilang patayin siya. ³⁰Nang malaman ito ng mga kapatid, dinala nila si Saulo sa Cesarea at pinauwi sa Tarso.

Ang Simbahan

³¹Kaya't naging matiwasay ang simbahan sa buong Judea, Galilea, at Samaria. Ito'y



tumatag at lumaganap sa tulong ng Espiritu Santo at namuhay na may pagkatakot sa Panginoon.

Tema: Si Pablo ay buong tapang na nagsalita.

PAGPAPALIWANAG

- May dalawang bahagi ang Pagbasa: Tungkol kay San Pablo (bb. 26-30) at Tungkol sa Simbahan (b. 31)
- Si Pablo, bilang isang binagong tao, ay isang tagapagsunod na ni Kristo, ay nakadama ng buong pagtanggap ng pamayanang Kristiyano (b. 26).
- Ang komunidad, dahil bunga rin ng pagkilos ng mga tagapagsunod, ay takot kay Pablo dahil tinuligsa sila ni Pablo noon. Hindi sila nasabihan sa pagbabago ni Pablo (b. 26).

- Kailangan si Barnabas upang maintindihan na hindi na ganoon si Pablo: Nagpakita ang Panginoon kay Saulo (Pablo) at ipinatotoo ito ni Pablo (b. 27).
- Si Pablo ngayon ay kasama na ng mga disipulos ni Hesus sa kanilang pagpapalaganap na muling nabuhay si Hesus.
- At buong tapang ngang nagpatotoo si Pablo tungkol kay Hesus (b. 28).
- Nakikipagtalo pa nga siya sa mga Helenista (mga Judio na nagsasalita ng Griyego) (b. 29).
- Ang resulta? Nais siyang patayin ng mga Judio.

2) Ang Simbahan

- Laganap na ang simbahan sa buong Palestina.
- Ito ay itinatag at gumagalaw ng may buong takot sa Panginoon (Ang Muling Nabuhay) (b. 31). Lumalago ito sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

PAGNINILAY

Paghinipo na ni Hesus ang iyong buhay, magbabago ito. Ang anuman na gusto mong sirain ang siya ring gusto mong ibabangon (simbahan at pananampalataya kay Hesus).

SALMONG TUGUNAN (Slm 21)

PUPURIHIN KITA, POON, NGAYONG KAMI'Y NATITIPON.

IKALAWANG PAGBASA (1 Jn 3:18-24)

¹⁸MGA ANAK, huwag tayong umibig sa pamamagitan ng salita o wika lamang. Ipakita natin ang tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng gawa. ¹⁹Dito natin makikilalang tayo'y nasa panig ng katotohanan, at matatahimik ang ating budhi sa harapan ng Diyos ²⁰sakali mang tayo'y usigin niyon. Sapagkat ang Diyos ay higit sa ating budhi at alam niya ang lahat ng bagay. ²¹Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, panatag ang ating loob na makalalapit sa Diyos. ²²Tinatanggap natin ang anumang ating hingin sa kanya, sapagkat

sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya. ²³Ito ang kanyang utos: manalig tayo sa kanyang Anak na si Hesukristo, at mag-ibigan, gaya ng iniutos ni Kristo sa atin. ²⁴Ang sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos. At sa pamamagitan ng Espiritung ipinagkaloob niya sa atin ay nalalaman nating nananatili siya sa atin.

Tema: Pananatili sa Kanya

PAGPAPALIWANAG

- Kailangang ipapakita ang pag-ibig sa ating mga gawa (b. 18).
- Paano natin nalalaman na tayo ay makatotohanan (Makadiyos)?
- Pagtitiwala sa Diyos (b. 21).
- Tinatanggap natin kung ano an gating hinihingi (b. 21)
- Anu-ano ang ating mga pagkilos upang maipakita na buhay ang ating pag-ibig? Sinusunod natin ang kanyang mga autos. Naniniwala tayo sa ngalan ni Hesus. Nagmamahalan sa isa't isa (b. 23). Gagawin lang natin ang kung ano ang magbibigay siya sa Kanya (b. 22).
- Ang mga palatandaan na sumusunod tayo sa kanyang mga utos: na nananatili tayo kay Hesus. Si Hesus ay nananatili sa ating buhay (b. 24).

MABUTING BALITA (Jn 15:1-8)

Ang Kahalagahan ng Pagpuputol

¹NOONG PANAHOONG iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. ²Pinuputol niya ang bawat sangang hindi namumunga; at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang namumunga upang lalong dumami ang bunga. ³Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang

sinabi ko sa inyo.

Ang Kahalagahan ng Kaugnayan

⁴Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayundin naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin.

⁵“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana;

Ang Mangyari kung Hindi Nakaugnay

sapagkat wala kayong magagawa kung kayo’y hiwalay sa akin ⁶Ang hindi nananatili sa akin ay itatapon at matutuyo, gaya ng sanga. Ang gayong mga sanga ay titipunin at susunugin.

Ang Mangyari kung Tayo ay Nakaugnay

⁷Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang mga salita ko, hingin ninyo ang inyong maibigan, at ipagkakaloob sa inyo.

⁸Napararangalan ang Ama kung kayo’y namumunga nang sagana at sa gayo’y napatutunayang mga alagad ko kayo.”

Tema: Upang Magkaroon ng Bunga, manatili kay Hesus

PAGPAPALIWANAG

- Ginagamit ang pagahalintulad: Hesus= tunay na puno ng ubas; Ama= May-ari ng ubasan; Tayo= mga sanga.
- Isinasaad ng Mabuting Balita ang layunin ng pagputol at pagkaugnay sa puno: upang magkaroon ng mas maraming bunga.
- Ang pagiging mabunga ay ang pagkakaroon ng maraming bunga, pagbibigay buhay sa iba, masiyahan ang iba, maging mapayapa ang iba.
- Ang hindi pagkakaroon ng bunga ay magbigay ng pagkakataon sa Ama na itatapon ang matutuyo, gaya ng sanga. “Ang gayong mga sanga ay titipunin at susunugin (b. 6)”.

- Ano pa ang ibang kabutihang naidudulot kung manatili tayong nakaugnay sa kanya: humingi at paunlakan ka... (isang mabisang dalangin).
- Ang pananatili ay ang payapang pagsunod, payapang pananatili sa kanyang harapan, kumapit, mananatiling buhay. Sa kabilang dako, ang hindi pag-alis, hindi pagtalikod, hindi ipinagwawalang bahala ang pananampalatay kay Hesus.

II. PAG-UUGNAY

Si San Pablo, sa kanyang pananampalataya kay Hesus, ay nagbabahagi ng buong tapang sa kanyang ngalan. Namunga ang kanyang mga gawaing pagpalaganap ng Mabuting Balita. (*Unang Pagbasa*)




Si San Juan ay humihikayat sa mga Kristiyano na umibig at ipakita ito sa gawa (upang masunod ang utos ni Hesus na mag-iibigan) at upang manatiling nag-uugnay kay Hesus at sa kapwa mananampalataya. (*Ikalawang Pagbasa*)

Ang Mabuting Balita ay humihikayat sa mga Kristiyano na mananatili (may bonding, ka-relate natin [kaugnayan]) kay Hesus upang maging mas mabunga (*Mabuting Balita*).

(*Pangwakas na Panalangin*)



ROMAN MISSAL NA ENGLISH AT FILIPINO



MGA BAGONG LIBRO SA ST PAULS

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat nang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.

Luwalhati...

(mula sa Prayers of the Pauline Family)